
# Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 34 | MARCH 23 - 29, 2026 | ₱15.00


## The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

PAHINA 5

**Knicks, bumangon mula sa 18-point deficit; Tinalo ang Jazz sa 134-117** PAGE 12



# SEN. LACSON, IBINUNYAG NA MAY NAG-PRESSURE SA COMELEC PARA 'DI PIRMAHAN ANG SOCE CASE VS SEN. MARCOLETA

P2



## Suspensyon ng VAT sa langis, hindi praktikal sa ngayon – Rep. Quimbo P3

### BMC, binuksan ang Women and Children Protection Unit nito




PAGE 12

### DOST Ilocos Region Booth Wins Grand Prize at Agri-Tourism and Community Fair



PAGE 12

## PNP, mas pinalakas pa ang pagbabantay laban sa mga gas stations na nagtitigil ng kanilang mga operasyon sa gitna ng krisis sa produktong petrolyo PAGE 3

### Eala bigo kay Noskova sa Indian Wells

BASAHIN SA PAHINA 12

BASAHIN SA PAHINA 3

### Supply para sa Benteng Bigas program, siniguro ang sapat – DA



### DOST SOCCSKSARGEN Joins Preparatory Meeting for NSTW 2026

BASAHIN SA PAHINA 3

## Senado, pinuna ang BFAR director sa hindi pagdalo sa pagdinig noong Peb. 18 P3

### Dwight Howard opisyal ng nagretiro sa paglalaro sa NBA



PAGE 12

### Karl Eldrew Yulo, nasungkit ang unang senior gold sa Gymnastics World Cup



PAGE 12

### Donaire hindi nakaporma sa mas batang Japanese boxer na si Riku Masuda



PAGE 12

PAGE 3 **Speaker Dy pinapurihan ang mga guro, suportado ang pagpapabilis ng pagtatayo ng mga silid-aralan**




## BMC, binuksan ang Women and Children Protection Unit nito

LUNGSOD NG MALOLOS – Kasabay ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Kababaihan, pormal na binuksan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ang Women and Children Protection Unit sa Bulacan Medical Center noong Marso 11.

Hangad ng bagong tayong pasilidad na makapagbigay ng specialized medical care, psychological support, at coordinated social services sa kababaihan at mga batang nakaranas ng pang-aabuso, pagsasamantala, trafficking, at iba pang uri ng karahasan.

Binigyang-diin ni Gobernador Daniel R. Fernando ang pangako ng Pamahalaang Panlalawigan na protektahan ang mga mahihina, lalo na ang kababaihan at mga bata.

"Ang pagbubukas ng Women and Children Protection Unit ay isang konkretong hakbang sa pagtiyak na ang mga biktima ng pang-aabuso ay hindi naiiwanang nag-iisa sa kanilang pakikibaka. Ang pasilidad na ito ay nagsisilbing aming pangako na ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay patuloy na poprotektahan ang dignidad, kaligtasan, at mga karapatan ng bawat babae at bata," anang gobernador.

Ayon sa Pinuno ng WCPU na si Dr. Jose Emiliano T. Gatchalian, idinisenyo ang pasilidad hindi lamang para protektahan ang mga biktima kundi upang masiguro ang tamang interbasyon sa mga indibidwal na kasangkot sa pang-aabuso, na kinikilala na ang ilang mga salarin ay nakaranas rin ng trauma.

Samantala, ipinaliwanag ni Dr. Violeta M. De Guzman na bukas ang center 24 oras sa isang araw, pitong araw isang linggo, upang masiguro na lahat ng biktimang darating sa ospital ay makatatanggap ng agarang nararapat na kalinga.

Ang mga pasyenteng may pisikal na pinsala ay paunang gagamutin sa emergency room ng ospital bago ilipat sa protection unit, kung saan bibigyan sila ng karagdagang medikal, sikolohikal, at sosyal na interbasyon ng mga sinanay na tauhan.

Hinihikayat ang mga Bulakenyo na iulat ang mga kaso ng karahasan at pang-aabuso sa WCPU hotline na +639397624522.

## One-Time, Big-Time na taas-singil sa kuryente,pinahaharang ni Sen. Gachalian sa ERC

Kinalampag ni Senador Sherwin Gatchalian ang Energy Regulatory Commission (ERC) na harangin ang malakihang pagtaas sa singil sa kuryente at tiyaking ipatutupad ito nang pautay-utay upang hindi mabigla ang bulsa ng mga ordinaryong konsumer.

Sa isang pahayag, iginiit ng mambabatas na dapat mahigpit na bantayan ng komisyon ang electricity rates sa bansa at tuluyang ipagbawal ang sistemang one-time, bigtime na dagdag-singil ng mga distribution utilities.

Ayon kay Gatchalian, ang unti-unting pagpapatupad ng taas-singil na hahatiin sa loob ng ilang billing cycle ay isang praktikal na solusyon upang maibsan ang epekto nito sa publiko.

Ipinaalala ng senador na ang sektor ng enerhiya ay isang regulated industry.

Dahil dito, binigyang-diin niya na pangunahing mandato ng ERC na kumilos, maging mapagmatyag, at protektahan ang taumbayan laban sa mga hindi makatarungang bayarin na lalong nagpapabigat sa pang-araw-araw na gastusin ng mga Pilipino.

Sa ilalim ng umiiral na Electric Power Industry Reform Act (EPIRA), limitado ang kapangyarihan at pakikialam ng gobyerno sa direktang pagtatakda ng presyo ng kuryente sa merkado.

Gayunpaman, nilinaw ni Gatchalian na may kapangyarihan pa rin ang pamahalaan na mamagitan at gumawa ng kaukulang hakbang, partikular na kung ang pangunahing dahilan ng pagtataas ng presyo ay ang kakulangan sa supply ng enerhiya.



## Sen. Lacson, ibinunyag na may nag-pressure sa COMELEC para 'di pirmahan ang SOCE case vs Sen. Marcoleta

Ibinunyag ni Senate President Pro Tempore Panfilo "Ping" Lacson na may natanggap siyang impormasyon ukol sa umano'y pag-pressure o panggigipit sa Commission on Elections (Comelec) ukol sa reklamo laban kay Sen. Rodante Marcoleta.

Sa isang panayam, sinabi ni Lacson na may grupong nanggigipit o namimilit sa poll body na huwag pirmahan ang resolusyon na binuo ng komisyon ukol sa reklamo kay Marcoleta na hindi pagdedeklara sa mga natanggap na donasyon sa ilalim ng kaniyang Statement of Contributions and Expenditure (SOC) noong 2025 Midterm Elections.

Ang source umano ni Lacson ay mula rin sa loob ng komisyon.Sinabi pa ng senador na ilang commissioner ang na-pressure dito.

Bagaman hindi sinabi ng mambabatas kung anong grupo ang nasa likod nito, tiniyak niyang hindi nagmula sa national government ang pressureGayunpaman, nilinaw ng batikang abogado na kailangan pang beripikahin ang naturang impormasyon.





## DOST Ilocos Region Booth Wins Grand Prize at Agri-Tourism and Community Fair

The Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region) was recognized as GRAND WINNER - Best Agri-Tourism Booth Compoetition during the Agri-Tourism and Community Fair held from March 6–10, 2026, in celebration of the 28th Cityhood Founding Anniversary of the City of San Fernando, La Union.

The DOST Ilocos Region booth showcased various science and technology programs, services, and innovations aimed at supporting agriculture, local industries, and community development. Through engaging exhibits and discussions, visitors were able to learn how science and technology initiatives help empower communities and promote sustainable growth in the region.

The successful participation of DOST Ilocos Region was made possible through the leadership and coordination of DOST La Union Provincial Director Jonathan M. Viernes and the dedicated efforts of the DOSTOneSCIGLAT Team. **(Sheshenie Janae M. Perez)**









Point VIEWER Publishing

*LEMUEL D. JUNIO*
**Publisher**

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
**Editor-in-Chief**

*JOEL A. CANTOR*
**Assistant**

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
**Layout Artist**

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

**DISCLAIMER**

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

**INFORMATION**

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

**ADVERTISING RATE**

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# Suspensyon ng VAT sa langis, hindi praktikal sa ngayon – Rep. Quimbo



Hindi praktikal sa ngayon ang pagsuspinde ng value-added tax (VAT) sa mga produktong petrolyo dahil maaari itong magdulot ng malaking kakulangan sa kita ng pamahalaan.

Ito ang pahayag ni Marikina Representative Miro Quimbo.

Ayon sa kongresista, hindi lamang mga konsyumer ang makikinabang sa VAT suspension kundi pati malalaking kumpanya ng langis at mga negosyo na nagbabayad ng VAT sa bawat transaksyon bago pa makarating ang fuel sa mga gasolinahan.

Bukod dito, kahit alisin ang VAT ay hindi rin aabot sa 12 porsyento ang magiging bawas sa presyo ng langis para sa mga mamimili dahil ipinapataw ang buwis sa bawat bahagi ng supply chain.

Sa gitna ng pagtaas ng presyo ng langis dulot ng tensyon sa Middle East, may ilang grupo at mambabatas kabilang ang Makabayan bloc na nananawagan ng suspensyon ng VAT at excise tax sa fuel.

Gayunman, ipinaliwanag ni Quimbo na kung masususpinde ang excise tax, na ₱6 kada litro ng diesel at ₱10 kada litro ng gasolina, ay bababa na rin ang VAT collection dahil ang VAT ay 12 porsyento ng kabuuang presyo ng produkto.

Samantala, nauna nang inaprubahan ng House of Representatives sa ikalawang pagbasa ang House Bill 8418, na magbibigay kapangyarihan kay Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na suspindihin ang koleksiyon ng excise tax sa fuel products sa panahon ng national emergency.

# Speaker Dy pinapurihan ang mga guro, suportado ang pagpapabilis ng pagtatayo ng mga silid-aralan

Pinuri ni House Speaker Faustino "Bojie" Dy III ang mga gurong Pilipino bilang "haligi ng lipunan" at muling iginiit ang suporta ng pamahalaan sa pagpapabilis ng pagtatayo ng mga silid-aralan sa buong bansa upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon.

Ipinahayag ito ni Dy bilang panauhing pandangal sa ika-21 anibersaryo ng Schools Division Office ng Cauayan City noong Marso 13, kung saan nagpasalamat siya sa mga guro sa kanilang mahalagang papel sa paghubog ng kabataan.

Binigyang-diin din ni Speaker Dy na responsibilidad ng lahat ng guro, magulang at mamamayan ang pagtiyak sa magandang kinabukasan ng mga kabataan.

Ayon kay Dy, pinagtitibay ng pamahalaan ang koordinasyon ng national government at mga lokal na pamahalaan upang matugunan ang kakulangan sa mga silid-aralan sa tulong ng Department of Education.



Kaugnay nito, inaprubahan kamakailan ng House Committee on Basic Education and Culture ang panukalang Classroom-Building Acceleration Program (CAP) na layong pabilisin ang pagtatayo, pagkukumpuni at pagpapabuti ng mga silid-aralan sa mga pampublikong paaralan sa bansa.

Layunin nitong pagsamahin ang pondo at suporta ng pamahalaan, LGUs at pribadong sektor upang matugunan ang kakulangan sa mga classroom.

# Senado, pinuna ang BFAR director sa hindi pagdalo sa pagdinig noong Peb. 18

Pinuna ng mga senador si Elizer Salilig ang National Director ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), dahil sa hindi pagdalo sa hearing ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform noong Pebrero 18, kung saan tinalakay ang commercial fishing sa loob ng 15-kilometrong municipal waters.

Ayon kay Committee Chairperson Francis Pangilinan, "Kung akala ninyong puwedeng ganito ang asta ninyo sa harap ng komite ng Senado, nagkakamali kayo. At ito'y magsisilbing dapat leksiyon sa lahat. Kumbaga sa baseball eh naka-strike three kayo nung araw na 'yun."

Paliwanag ni Salilig, nakatanggap daw sila ng tatlong imbitasyon para sa Pebrero 18, isa mula sa Senado, isa mula sa House of Representatives, at isa mula sa United States Department of State Bureau of Oceans and International Environmental and Scientific Affairs.Aniya, "Ang ginawa namin, we divide it into two. So lahat po ng mga director, mga senior director namin, dito po namin ipinadala sa Senate. Kami na mga juniors, doon kami sa Congress." Dagdag pa niya.

"Pasensya na po sa inyo, Sir, we sincerely apologize na dapat pala talaga, ang mauna talaga yung the highest legislative bago ho sila," ayon pa sa BFAR director.

Hindi naman kumbensido si Senator Erwin Tulfo. "Your explanation, we'll not buy it. Bakit? Ikaw lang ba ang tao? Dalawa lang ba ang director? Dalawa lang ang assistant director? Nasaan yung iba? Number three, sinasabi ni Mr. Chair, late pa kayo. Ibig sabihin, wala kayong respeto sa committee na ito," ani Tulfo.Naantala kasi ng 30 minutes ang pagdating ng mga opisyal ng BFAR noong Pebrero 18 hearing.

Bukod dito binanatan din ni Pangilinan ang ahensya dahil hindi maayos na mga pagsagot sa show-cause order, at walang paliwanag sa kanilang pagka-late."Let this be a stern warning and reminder. At clearly after this hearing, medyo mag-usap kayo ng staff niyo. Kasi kulang-kulang yun, I do not wish to think that the BFAR is incompetent. Kasi ang dami nating issues na nabanggit doon sa show cause, di niyo sinagot nang diretso. Prior to that yung mga pinadala ninyong mga representative, di rin makasagot," ani Pangilinan. Pagkatapos ng pagtatalo sa attendance issue, nagpatuloy ang hearing sa pagtalakay sa mga pending bills at resolutions.

# Desisyon ng Comelec hinggil sa SOCE ni Sen. Marcoleta, nakatakdang ilabas ngayong Miyerkules

Nakatakdang ilabas ng Commission on Elections (Comelec) ang desisyon nito hingil sa 2025 Statement of Contributions and Expenditures (SOCE) ni Sen. Rodante Marcoleta sa darating Miyerkules.

Ayon kay Comelec Chairman George Erwin Garcia, nagging mainit ang balitaktakan ng usapin na ito sa naging en banc session ng komisyon.

Una na rito, sinabi na rin ni Garcia na nahaharap ang komisyon sa mga 'complications' habang nireresolba ang kasong ito na sangkot si Marcoleta.

Ito ay matapos na magrekomenda ang Office of the Ombudsman ng isang related complaint sa komisyon na siyang kumekwestiyon sa SOCE at maging sa Statement of Assests, Liabilities and Net Worth (SALN) ng senador.

Samantala, base naman sa SOCE ni Marcoleta, gumastos ang senador ng P139.9 milyong halaga para sa kaniyang senatorial campaign noong nakaraang taon na siyang nag-exceed sa laman ng kaniyang declared SALN na mayroong P51.9-M.

Maliban dito, sinabi rin ng senador na hindi siya nakatanggap ng kahit anumang uri ng donasyon sa kaniyang kampaniya.

Tiniyak naman ng Comelec na patuloy nilang aalamin ang mga naging isyu sa SOCE ng mababatas na siyang parehas nang sumasailalim sa imbestigasyon.

# Supply para sa Benteng Bigas program, sinigurong sapat – DA

Siniguro ng Department of Agriculture (DA) at maging ng Food Terminal Inc. (FTI) na sapat ang supply na mayroon ang pamahalaan para sa pagpapatuloy ng Benteng Bigas Meron na (BBM) program.

Ayon kay Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr., patuloy ang isinasagawang replenishment ng National Food Authority (NFA) sa kanilang mga stock upang masiguro na tuloy-tuloy ang pagbebenta nito sa mga Kadiwa Stores na siyang bukas na sa buong bansa.

Aniya, naiintindihan ng kanilang tanggapan na posible talagang magdulot ng stocking anxiety ang ongoing armed conflict sa Gitnang Silangan lalo na sa mga bahagi ng vulnerable sector.

Ngunit binigyang diin ng kalihim na ang pag-aksyon dahil sa pangamba o panic ay posible lamang na magpalala sa kasalukuyang sitwasyon.

Pagtitiyak pa ni Tiu Laurel, mayroong sapat na buffer stock ang bansa dahil na rin aniya sa magandang ani ngayong taon.

Hindi rin aniya kailangang mangamba ng publiko lalo na ng mga benepisyaryo ng programa dahil patuloy aniya na magiging available ang pamamahagi ng bigas sa ilalim nito hanggat ito ay nakarehistro sa Benteng Bigas Regsitry System.

Samantala, upang masiguro naman na maiiwasan ang hoarding sa mga bigas na ibinebenta sa ilalim ng programa, mahigpit na ipinapatupad ng departamento ang pagbili ng hanggang sa 10 kilo ng bigas kada araw kada benepisyaryo.

# PNP, mas pinalakas pa ang pagbabantay laban sa mga gas stations na nagtitigil ng kanilang mga operasyon sa gitna ng krisis sa produktong petrolyo

Mas pinaigting pa ng Philippine National Police (PNP) ang kanilang mga pagbabantay sa mga gas stations matapos na makatanggap ng ulat na ilang mga gasolinahan ang nagtigil ng kani-kanilang mga operasyon sa gitna yan ng nagpapatuloy na krisis sa produktong petrolyo.

Ayon kay PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr., agad na niyang inatasan ang mga hepe ng pulisya na agad makipag-ugnayan sa mga lokal na pamahalaan at maging sa Department of Energy (DOE) para alamin ang mga posibleng dahilan ng biglaang pagsasara ng mga naturang gasolinahan.

Aniya, kung isang illegal scheme o isang pananamantala ang dahilan ng biglaang pagsasara ng mga ito, asahan na aniya ang magiging pagaksyon ng pulisya hinggil dito.

Samantala, una naman na rito ay matatandaang humiling na ng assistance ang Energy Department sa pulisya para sa paghuli sa mga gas stations na siyang sasamantalahin ang sitwasyon sa Gitnang Silangan para magtaas ng presyo ng walking anunyo mula sa kanilang ahensya.

Kasunod nito, tiniyak naman ng PNP na may mga nakahandang contingencies ang kanilang organisasyon para masiguro na mapapanatili pa rin ang peace and order at hindi ito maapektuhan ng naturang giyera.

# Philippine Army, walang nakikitang banta sa seguridad para sa unang BARMM elections sa Setyembre

Siniguro ng Philippine Army na walang nakikitang Kahit anumang banta sa seguridad ang kanilang hanay na maaaring maging dahilan para makompormiso ang unang parliamentary elections sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Ayon kay Army Spokesperson Col. Louie Dema-ala, patuloy ang isinasagawang monitoring ng kanilang hukbo sa mga lugar na mayroong kasaysayan ng election-related concerns upang masiguro na walang magiging disruption sa mga magiging halalan na nakatakdang isagawa sa Setyembre 14.

Nakahanda rin aniya ang Hukbong Katihan na magbigay ng kanilang suporta sa Philippine National Police (PNP) at sa Commission on Elections (Comelec) upang matiyak ang seguridad, kapayapaan at kaayusan sa maging proseso ng botohan.

kasunod nito, sinabi rin ng tagapagsalita na mjayroong sapat na bilang ang kanilang hanay para sa patuloy na pagkakasa ng mga ssecurity missions sa rehiyon particular na mula sa ga hukbo ng 1st,6th and 11th Infantry Division ng military sa western Mindanao.

Samantala, nauna naman na rito ay nagpasalamat na rin ang Office of the Presidential Adviser on Peace, Reconciliation and Unity (OPAPRU) sa mga mambabatas para sa pagpapasa ng panukala na naglalayon na i-reset ang first regular parliamentary elections sa Bangsamoro region.

# DOST SOCCSKSARGEN Joins Preparatory Meeting for NSTW 2026

As the next host of the National Science and Technology Week 2026, the Department of Science and Technology SOCCSKSARGEN joined the preparatory meeting held on March 6, 2026 at the DOST Main Building, Bicutan, Taguig City. The meeting was led by Undersecretary for Regional Operations Engr. Sancho A. Mabborang and Host Region Regional Director Engr. Sammy P. Malawan to begin key planning activities for the national event.

Discussions focused on updates on the preparations for NSTW 2026, presentation of proposals, review of the Special Orders for the NSTW 2026 Steering Committee, and the proposed monthly schedule of committee meetings to ensure the smooth and coordinated implementation of the event.

The meeting marked an important step in mobilizing the organizing teams as SOCCSKSARGEN gears up to host one of the country's biggest celebrations of science, technology, and innovation (STI).







# Shipping line na nagpatupad ng 140% taas-pasahe, pinadalhan na ng show cause order

Inatasan na ng Department of Transportation (DOTr) ang Maritime Industry Authority (MARINA) na padalhan ng show cause order ang isang shipping line sa Minandao na labis-labis na nagtaas ng pamasahe kasunod ng mga serye ng oil price hike.Pagpapadala at Logistics

Sa isang panayam, sinabi ni Acting Transportation Secretary Giovanni Lopez na natukoy ang naturang operator na nagpataw ng 140% na taas-pamasahe sa kanilang mga ginagamit na barko.

Ayon sa kalihim, hihintayin ng ahensiya ang paliwanag ng naturang operator ukol sa pagdesisyong magpataw ng labis na pamasahe, taliwas sa panuntunang pinapayagan ng pamahalaan.

Nakahanda ang ahensiya na gumawa ng mga ligal na hakbang laban sa naturang shipping line, salig sa kapangyarihan ng DOTr.

Babala ng kalihim, maaaring patawan ng parusa ang shipping lines na lalabag sa mga patakaran ng DOTr at MARINA, lalo na kung lalampas sa 20% ang ipapataw na pagtaas ng pamasahe.

Nanindigan si Sec. Lopez na kahit deregulated ang maritime sector, hindi dapat umabot sa hindi makatwirang pamasahe ang ipapataw ng shippine lines, habang karapatan din ng gobiyerno na bantayan ang mga mananamantala sa mga krisis tulad ng kasalukuyang oil crisis na resulta ng digmaan sa Middle East.





# 139-K tricycle drivers sa NCR, matatanggap na ang P5-K cash aid simula sa Martes

Sisimulan na ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa araw ng Martes, Marso 17 ang pamamahagi ng tulong pinansiyal para sa mga tricycle driver sa Metro Manila na apektado ng pagsipa ng presyo ng mga produktong petrolyo sa gitna ng epekto ng patuloy na kaguluhan sa Gitnang Silangan.

Sa isang pulong balitaan ngayong araw ng Sabado, Marso 14, sinabi ni DSWD spokesperson ASec. Irene Dumlao na makakatanggap ang bawat benepisyaryong tsuper ng tig-P5,000 sa ilalim ng programa ng ahensiya na Assistance to Individual in Crisis Situation (AICS).

Ayon sa DSWD official, nasa tinatayang 139,000 tricycle drivers ang makakatanggap ng cash aid.

Saad ni ASec. Dumlao, nakipag-ugnayan ang DSWD sa mga lokal na ehekutibo at local social welfare officers noong nakalipas na araw, kung saan pumayag ang ahensiya na maisumite ang talaan ng mga tricycle drivers sa DSWD at sesertipikahan ito upang masigurong makakatanggap ng tulong pinansiyal ang lahat ng tricycle drivers sa kanilang nasasakupan.

Pinaalala naman ng DSWD official sa mga tricycle driver na magdala ng valid license driver at photocopy bago magtungo sa mga nakatalagang payout sites.

Binigyang diin din ni ASec. Dumlao na mahalagang makipag-uganyan ang mga tricycle driver sa kanilang asosasyon upang malaman kung kabilang sa talaan ng makatatanggap ng tulong pinansiyal, sabay giit na dapat lahat ng tricycle drivers sa mga lokal na pamahalaan ay kasama sa listahan.

Tiniyak din ni ASec. Dumlao na magbibigay din ng tulong ang DSWD sa iba pang tsuper na nasa crisis situation na apektado ang kabuhayan at kapos ang iniuuwing kita sa kanilang pamilya bunsod ng epekto ng malakihang pagsipa ng presyo ng mga produktong petrolyo.Pamilya

Samantala, nakatakdang palawigin pa ng DSWD ang pamamahagi ng tulong pinansiyal sa iba pang transport sectors sa buong bansa.

# Mahigit P95.2M na halaga ng shabu, nakumpiska sa Surigao City Port

Matagumpay na nasabat ng Philippine Drug Enforcement Agency o PDEA-Caraga ang tinatayang aabot sa 95.2 million pesos na halaga sa shabu na isinilid sa gulong ng sasakyan sa operasyong isinagawa sa Lipata Ferry Terminal sa Barangay Lipata, Surigao City kagabi.

Naaresto naman ang suspek na nakilalang si Sultan Kinento, 23 anyos at residente sa Taguig, Metro Manila.

Ayon kay Philippine Drug Enforcement Agency o PDEA-Caraga Regional Director Laurifel Gabales nakatanggap sila ng impormasyon bandang alas 5:00 kahapon kaugnay sa isang Toyota Hilux pick-up na galing sa Cotabato at nagkarga ng illegal na droga patungo sa Surigao City sa pamamagitan ng RORO vessel.

Bandang alas 11:32 na sa gabi nang nakita ang sasakyan sa Lipata Ferry Terminal at pina-hold para sa verification hanggang nadiskubre na itinago ang droga sa gulong ng sasakyananan ang illegal nga droga.

Hiniwa pa nila ang gulong hanggang lumantad ang 14 na bloke sa transparent cellophane na may lamang shabu na aabot sa 14 kilo ang bigat.

# Hikers na nauna nang nai-report na nawawala matapos umakyat sa Mt. Sicapo sa pagitan ng Ilocos Norte at Abra, nakabalik na

Nakabalik na ang mga hiker na nauna nang nai-report na nawawala matapos umakyat sa Mt. Sicapo na itinuturing na pinakamataas na rurok sa lalawigan na matatagpuan sa pagitan ng Ilocos Norte at Abra, na may taas na 7,746 feet above sea level.

Ayon sa Office of Civil Defense Region I sa 1st District Congressional Office, ang dalawang umakyat sa Mt. Sicapo ay residente ng Quezon City at Cainta Rizal habang ang dalawa ay residente ng bayan ng Nueva Era na gumabay sa kanila.

Sinabi ni Governor Cecilia Araneta-Marcos na agad na pinuntahan ng Bureau of Fire Protection, Philippine National Police, Philippine Marine, Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council, Medical Team at iba pa ang mga hiker upang matiyak na hindi sila nasaktan.

Ayon kay ABC President Jondie Bayudan sa bayan ng Nueva Era, umakyat ang mga hiker sa Mt. Sicapo noong Marso 2 at inaasahang bababa sana noong Marso 8 kung saan sila magtutungo sa Karingking River Resort sa bayan ng Solsona ngunit hindi ito nangyari.

# 3 crisis, nais tugunan ng Atin Ito Coalition sa ika-4 na civilian mission sa WPS

Nais tugunan ng Atin Ito Coalition ang tatlong krisis na umano'y kinakaharap ng bansa ukol sa West Philippine Sea (WPS) sa ika-apat (4) na civilian mission na planong isagawa sa buwan ng Abril.

Sa panayam kay Akbayan Party-List President Rafaela David, tatlong beses na itong nagawa ng grupo at pare-parehong napagtagumpayan ang iba't-ibang mga hamon sa pinag-aagawang karagatan, tulad ng presensiya ng Chinese vessels, atbpa.

Paliwanag ni David, napagdesisyunan ng grupo na magkasa muli ng misyon upang labanan ang tatlong pangunahing krisis tulad ng mga sumusunod:Una, upang tulungan ang mga mangingisdang apektado sa oil crisis dala ng matinding giyera sa Middle East. Target ng grupo ng magdala ng bari-bariles na petroleum products atbpang supplies sa mga mangingisda sa WPS. Pangalawa ay upang mapalawak ang awarenes ukol sa Chinese spying activities. Ayon kay David, magkakaroon ng mga serye ng awareness campaign laban sa posibleng pangre-recruit ng China sa mga Pinoy upang magsilbing kanilang espiya.

Pangatlo ay upang mapigilang dumami pa ang mga "Tsinador" at posibleng kanilang supporter.

Magtatagal ng limang araw ang panibagong misyon ng coalition na planong isagawa sa huling lingo ng Abril.

Kasama sa mga nakahanay na aktibidad ay ay diyalogo sa mga residente sa Pag-Asa Islands, pakikinipagkuwentuhan sa mga mangingisda, pag-aaral sa kahalagahan ng WPS, atbpang 'patriotic activities' na sadyang inihahanay upang mapalakas pa ang pagmamahal ng mga Pilipino sa pinag-aagawang karagatan.

# Pamilya Marcos sa Ilocos Norte, naghahanda na para sa darating na 2028 Elections

Inamin ni Vice Gov. Matthew Marcos Manotoc na nag-uusap na ang kanilang pamilya hinggil sa 2028 elections.

Ayon sa kanya, malayo pa ang 2028 pero malapit na rin ang taong ito kaya kailangan nilang isipin kung ano ang kailangang gawin ng kanilang pamilya sa mundo ng pulitika.Pamilya

Aniya ito na ang huling termino ni Ilocos Norte 2nd District Rep. Angelo Marcos Barba kung kaya't dapat lamang silang mag-usap-usap sa mga susunod na hakbang na gagawin.

Paliwanag niya, isa ang kanilang pamilya ang naa-



pektuhan ng political dynasty ngunit iginiit niya na ang kapakanan pa rin ng mga tao ang kanilang uunahin.

Dagdag pa niya na bagama't itinuturing na nasa political dynasty ang pamilya Marcos, maraming patunay at pagbabago sa ilalim ng kanilang pamumuno sa lalawigan.

# Halaga ng piso, lalo pang humina; P59.73 = $1

Naitala ang palitan ng piso para sa dolyar sa P59.73, bagay na mas mahina kumpara sa record sa mga nakalipas na araw.

Ayon sa ulat ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), matamang binabantayan nila ang antas na ito dahil may malaking impact sa importers at exporters.

Kung ikukumpara sa tala kahapon, bahagyang mas mataas ito kumpara sa P59.38, na nagpapakita ng patuloy na paghina ng piso.

Sinasabing nakikinabang ang mga pamilyang tumatanggap ng remittances mula sa abroad dahil mas malaki ang halaga ng dolyar, ngunit tumataas din naman ang presyo ng imported goods at produktong petrolyo.

Patuloy na mino-monitor ng BSP ang foreign exchange market upang maiwasan ang sobrang volatility at mapanatili ang stability ng piso.

Ang pagtaas ng dolyar ay dulot ng global oil price volatility at mas mataas na demand para sa imports at debt servicing.

Kaugnay nito, nananatiling hamon para sa ekonomiya ng Pilipinas ang pagpapanatili ng matatag na piso sa gitna ng pabagu-bagong pandaigdigang merkado.




# Ilang TNVS driver, isinurender na ang kanilang sasakyan dahil sa matinding pagkalugi

Tumigil na umano ang ilang mga driver ng Transport Network Vehicle Service (TNVS) sa gitna ng matinding pagkalugi dahil sa malakihang dagdag-presyo sa mga produktong petrolyo.

Ayon kay Laban TNVS President Jun de Leon, maraming driver na ang nag-surrender sa ginagamit na sasakyan sa kanilang mga operator mula noong ipinatupad ang double-digit na price hike.

Inihalimbawa nito ang ilang operator na mayroong hanggang 50 sasakyan na ipinaparenta sa mga driver. Kuwento ng mga ito, may ilan sa kanila na umabot na sa sampu ang naisurender o naibalik na.

Posibleng magtutuloy pa ito aniya habang lumalala ang krisis sa mga produktong petrolyo, kung saan sa susunod na linggo ay naka-amba muli ang double-digit oil price increase.

Ang mga driver TNVS na nagpapatuloy sa pamamasada, ayon kay de Leon, ay kakaunti lamang ang kinikita dahil malaking porsyento ng kanilang mapagpasadahan ay mapupunta lamang sa gasolinahan.

Paliwanag pa ni De Leon, sa kabila kasi ng labis na pagtaas sa presyo ng petrolyo ay pareho pa rin ang binabayaran ng mga driver na 'boundary' o bayad sa mga operator kaya sila ang bumabalikat sa pagkalugi.

Ang ilan sa mga driver aniya ay minabuti na ring mag-apply sa mga operator na nag-aalok ng electric vehicle service, kahit ang ilan sa mga naturang operator ay naniningil ng mas mataas na boundary pay.Mga Electric at Plug-In na Sasakyan

# Electric vehicle industry sa Pilipinas, lalo pang lumago – DOE

Iniulat ng Department of Energy (DOE) ang patuloy na paglago ng electric vehicle (EV) industry sa Pilipinas, batay sa monitoring ng ahensiya.

Batay sa datos, umabot na sa halos 400 electric vehicle ang nairehistro sa Pilipinas, na pawang nakapag-comply sa mga panuntunang itinatakda ng Vehicle Fuel Economy Labeling program (VFELP).Pinakamarami rito ay mga Battery Electric Vehicles na umaabot na sa halos 200 at sinundan ng mahigit 100 na Hybrid Electric Vehicles.

Tiniyak naman ng DOE ang tuloy-tuloy na pagsuporta ng pamahalaan sa naturang industriya.

Sa ngayon, mayroong kabuuang 1,511 charging points sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas, mahigit 740 sa mga ito ay pawang AC charging points.

Napapanatili rin, ayon sa DOE, ang P23.71/ kWh na bayad sa pag-charge ng mga naturang uri ng sasakyan.

Batay p sa datos ng ahensiya, mayroong mahigit 250 operator, supplier, at service provider ng electric vehicle sa iba't-ibang bahagi ng bansa.

Inaasahang lalo pang tataas ang bilang ng mga tatangkilik at papasok sa electric vehicle industry habang nasa kalagitnaan ng krisis sa produktong petrolyo dahil sa tumitinding giyera sa Gitnang Silangan.

# Mga supermarket, nakapagrehistro ng 'excessive purchases' ngayong lingo —supermarket association



Nakapagrehistro ang mga supermarket ng 'excessive purchases' o labis-labis na nangyaring bilihan ng basic commodities ngayong lingo.

Ayon kay Philippine Amalgamated Supermarkets Association President Steven Cua, naitala sa mga supermarket ang mas mataas na bulto ng pagbili ng mga produkto kaysa sa karanaiwan.

Gayonpamn, hindi naman naging tuloy-tuloy ang pagdagsa ng mga konsyumer aniya, batay na rin sa sariling monitoring ng mga supermarket.

Inaasahan din ng grupo na muling sisipa ang dagsa ng mga konsyumer ngayong weekend kasabay ng payday, lalo na sa mga nasa government sector

Sa kasalukukuyan ay may ilang supermarket na ring naglimita sa bulto ng mga produktong maaaring bilhin ng kanilang kliyente, tulad ng ginagawa ng mga gasoline station.

Ito ay upang maiwasan ang pagkaubos ng mga produkto, lalo na at marami rin aniya ang mga maliliit na store o outlet na bumibili ng bulto-bultong produkto na kanila ring ibebenta sa ground level

Sa kaila nito, nananatili aniyang mataas ang stock ng basic commodities at iba pang mga produkto.

Nananatili aniyang mataas ang inventory ng mga store kung saan ilan ay umaabot sa hanggang pitong araw ang stock habang ang iba ay mas mataas pa.

## LCSP, nanawagan sa Kongreso na repasuhin ang mataas na multa sa JAO sa halip na ihinto ang panghuhuli sa traffic violator

Iminungkahi ng Lawyers for Commuters Safety and Protection sa Kongreso na repasuhin ang mataas na multa sa ilalim ng Joint Administrative Order o JAO sa halip na ihinto ang pagpapatupad ng mga batas trapiko.

Ginawa ng grupo ang pahayag kasunod ng panawagan ni Swerte Partylist Representative Arlyn Ayon na pansamantalang itigil ang panghuhuli sa mga traffic violators sa gitna ng mataas na presyo ng produktong petrolyo.

Sa eksklusibong panayam sinabi ni Atty. Ariel Inton, founder ng Lawyers for Commuters Safety and Protection, na bagamat nauunawaan nila ang panawagang ihinto muna ang panghuhuli sa mga motorista, hindi umano ito ang tamang solusyon.

Ayon kay Atty. Inton, kapag tuluyang sinuspinde ang traffic enforcement, maaaring magdulot ito ng kaguluhan at kawalan ng disiplina sa mga lansangan.

Sa halip, sinabi ni Inton na dapat tutukan ng mga mambabatas ang pagrerepaso sa Joint Administrative Order o JAO. Matagal na umanong pinupuna ng transport sector ang mataas na multa sa ilalim nito para sa mga paglabag sa batas trapiko at regulasyon sa public transport.

Dagdag pa niya, kung mababawasan o marepaso ang mga multa sa ilalim ng JAO, makatutulong ito sa mga driver at operator na nahihirapan sa patuloy na pagtaas ng gastusin sa operasyon.

## Operasyon ng MRT-3, titigil muna sa Holy Week para sa maintenance



Naglabas ng abiso ang Department of Transportation MRT-3 kaugnay ng pansamantalang paghinto ng operasyon ng tren sa darating na Holy Week.

Ayon sa Department of Transportation MRT-3, magsasagawa ng Annual Holy Week Maintenance Activity mula Abril 2 hanggang Abril 5, 2026.

Dahil dito, pansamantalang walang biyahe ang MRT-3 sa mga nasabing petsa upang maisagawa ang kinakailangang maintenance at matiyak ang mas ligtas at maayos na serbisyo para sa mga pasahero.

Inaasahan namang magbabalik sa normal ang operasyon ng MRT-3 sa Abril 6, 2026.

## Farmgate price ng palay, tumaas nitong Pebrero —PSA

Bahagyang tumaas ang farmgate price ng palay nitong Pebrero, batay sa monitoring ng Philippine Statistics Authority (PSA).

Ayon sa ahensiya, hanggang 10.4% ang itinaas ng farmgate price kung saan umabot sa P22.47 kada kilo ang national average na presyo ng tuyong palay.

Mas mataas ito kumpara sa parehong panahon noong nakaraang taon.

Naitala sa Cagayan Valley ang pinakamataas na presyuhan ng palay na umabot sa P28.12 kada kilo. Ito ay may pagtaas na 44.3% kumpara noong nakaraang taon

Umabot naman sa P25.86 kada kilo ang average farmgate price sa Central Luzon, na kilalang rice-producing region.

Sa kabilang banda, ang Caraga Region ang nakapagtala ng pinakamababang presyo sa P17.96 kada kilo

Tinataya naman ng PSA ang posibleng pagbaba ng produksyon ng palay sa unang quarter ng 2026 ng hanggang 7.1%, batay na rin sa pagsusuri sa mga bulto ng standing crops noong Pebrero.



## Singil sa kuryente, posibleng sumipa sa P4/kWh sa Abril

Tinatayang tumaas sa P4 kada kilowatt hour ang dagdag-singil sa kuryente sa buwan ng Abril, ayon sa Energy Regulatory Commission (ERC).

Ipinaliwanag ni ERC chair at CEO Francis Saturnino Juan na sa isinagawang simulation ng Independent Electricity Market Operator of the Philippines (IEMOP) base sa trend ng presyo ng langis, lumalabas ang potensiyal na pagtaas ng P2 hanggang P4 per kWh.

Malibans sa epekto ng mga pag-atake sa oil-producing region, ikinonsidera rin dito ang mas mataas na demand sa panahon ng tag-init at posibleng outages sa mga planta ng kuryente.

Ipinapakita rin ng simulation na inaasahang sunod na magtataas ng presyo ang thermal generator kasabay ng pagtaas ng presyo ng langis bilang parte ng cost recovery.

Nauna na ring sinabi ni Energy Secretary Sharon Garin na maaaring magresulta ang geopolitical tension sa 16% na pagtaas sa electricity rates.



## Pagbagsak ng Chinese rocket debris sa katubigan ng PH, ibinabala

Nagbabala ang Philippine Space Agency (PhilSA) sa posibleng pagbagsak ng debris mula sa inilunsad na Long March 8A rocket sa mga katubigan at exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas.

Sa inilabas na advisory ng ahensiya, tinatayang bumagsak ang Chinese rocket debris sa unang drop zones sa loob ng EEZ ng Pilipinas, 162 nautical miles (NM) mula sa El Nido, Palawan; 185 NM mula sa Puerto Princesa, Palawan at 101 NM mula sa Patag Island.

Ang ikalawang drop zone sa loob ng archipelagic waters ng bansa ay sa 32 NM mula sa Hadji Mugtamad, Basilan ; 44 NM mula sa Pangutaran Island, Sulu; at 47NM mula sa Tubbataha Reefs Natural Park.

Ayon sa PhilSA, hindi inaasahang tatama ang Chinese rocket sa kalupaan o sa matataong lugar, subalit nagbabala ang ahensiya na maaaring maging mapanganib ang pagbagsak ng debris sa mga naglalayag na barko, eroplano, bangkang pangisda at iba pang dumaraan sa mga nabanggit na drop zones.

Inaabisuhan din ang publiko na ipaalam sa mga lokal na awtoridad sakali mang may mamataang kahina-hinalaang debris.

Pinag-iingat din ang publiko na huwag lumapit o i-retrieve sakaling makita ang debris dahil maaaring naglalaman ito ng remnants ng toxic substance gaya ng rocket fuel.

Una rito, ayon sa PhilSA, inilunsad ang naturang Chinese rocket mula sa Hainan International Commercial Launch Center sa Wenchang, Hainan madaling araw nitong Biyernes, oras sa Pilipinas.

## ICI, sinimulan ang turnover ng mga dokumento sa Ombudsman

Sinimulan na ng Independent Commission on Infrastructure (ICI) ang turnover ng mga dokumento sa Office of the Ombudsman, kasunod ng pahayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na natupad na ng komisyon ang layunin nito.

Dalawang truck ng pulisya na may dalang mga dokumento kaugnay ng imbestigasyon sa umano'y anomalya sa flood control projects ang dumating sa tanggapan ng Ombudsman sa Quezon City kahapon, Marso 12.

Dumating din si ICI Executive Director Brian Keith Hosaka para sa pakikipagpulong sa mga opisyal ng ahensya.

Matatandaan, itinatag ang ICI sa pamamagitan ng Executive Order No. 94 noong Setyembre 15, 2025, na may probisyong maaaring buwagin ang komisyon kapag natupad na ang layunin nito.

Bilang fact-finding body, nagsagawa ang ICI ng mga pagdinig, pagtanggap ng testimonya, at pagsusuri ng mga ebidensya bago magrekomenda ng pagsasampa ng kaso sa Ombudsman o Department of Justice.

Noong Pebrero 6, iniharap ng komisyon sa Malacañang ang kanilang 125-day report na nagresulta sa pagsasampa ng kaso laban sa mahigit isang dosenang indibidwal, kabilang ang dating mga mambabatas at opisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH), at pagfreeze ng ari-ariang nagkakahalaga ng humigit-kumulang ₱25 bilyon.

Sa kabuuan, nakapaglabas na ang ICI ng siyam na referral na nagrerekomenda ng kasong kriminal at administratibo laban sa 65 indibidwal, kabilang ang mga opisyal ng DPWH, Commission on Audit, at ilang contractor.

Sa kasalukuyan, tanging si ICI chairperson Andres Reyes na lamang ang natitirang miyembro ng komisyon matapos magbitiw noong Disyembre ang dalawang commissioner na sina Rogelio Singson at Rossana Fajardo.




## DepEd nagbigay linaw sa work from home arrangement kada Biyernes

Binigyang linaw ng Department of Education (DEPED) na ang work from home (WFH) policy tuwing Biyernes ay para lamang sa mga non-teaching personnel ng DepEd offices.

Ayon sa DepEd na ang mga guro at school-based staff ay magpapatuloy na pumasok sa mga paaralan.

Nakasaad kasi sa Deped Memorandum na ang WFH tuwing Biyernes ay sumasakop lamang sa mga non-teaching at kahalintulad na ito ay epektibo sa mga nasa central, regional at division offices.

Mhalaga na pumasok ang mga teaching personnel at ipagpatuloy ang kasalukuyang schedules at matiyak na tuloy-tuloy ang klase.

Ang nasabing polisiya ay base sa layon ng gobyerno na makatipid ng enerhiya sa pamamagitang pagpapatupad ng 4-day work week para sa ilang ahensiya ng gobyerno.

## DSWD, nilinaw na iba pa ang P5-K fuel subsidy ng LTFRB sa cash aid mula sa ahensiya

Nilinaw ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na iba pa ang 5,000 fuel subsidy mula sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) sa tulong pinansiyal na magmumula sa ahensiya.Enerhiya at Mga Utility

Ayon kay DSWD Secretary Rex Gatchalian, tanging ang listahan ng tricycle drivers pa lamang ang hinihingi ng DSWD mula sa mga lokal na pamahalaan habang para sa mga tsuper ng dyip, kukunin ang listahan ng mga benepisyaryo mula sa rekord ng LTFRB.

Nilinaw din ng kalihim na wala silang hininging dagdag na requirements.

Ginawa ng kalihim ang paglilinaw matapos sabihin ni Manibela chairperson Mar Valbuena na maraming tsuper umano ang hirap na makwalipika sa programa ng DSWD na Assistance to Individual in Crisis Situation (AICS) dahil sa ilang requirements na itinakda ng mga lokal na pamahalaan.

Gayundin, idinulog ni Valbuena ang paggamit umano ng outdated na listahan ng mga benepisyaryo para sa cash assistance program, na noon pang COVID-19 pandemic.

Republic of the Philippines
National Capital Judicial Region
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 96-QUEZON CITY**
**rtc1qzn096@judiciary.gov.ph**
**Tel No. 83523668**

**IN THE MATTER OF THE PETITION FOR CORRECTION OF ENTRY IN THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH REGISTRY NO. 2016-7333 OF ZOFIE BLYSSE JIMENEZ VALENCIA a.k.a. ZOFIE BLYSSE MEDEL VALENCIA represented by her mother, MARIA CHRISTINA JIMENEZ MEDEL,**
Petitioner,

-versus-

**CIVIL REGISTRAR GENERAL, THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY, THE CITY CIVIL REGISTRAR OF QUEZON CITY, THE OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL, JOMARC AFABLE VALENCIA, ZOE ILYITCH MEDEL VALENCIA, ZOYECHKA FELISHA MEDEL VALENCIA, ZEPHYR LIAM MEDEL VALENCIA, and ALL OTHER PERSONS WHO CLAIM INTEREST IN THE INSTANT PETITION,**
Respondents.

SPEC. PROC. NO. **R-QZN-25-11015-SP**
For: Correction of Entries
x----------------------------------------------------x

## ORDER

WHEREAS, a Petition for Correction of Entry in the Certificate of Live Birth Registry No. 2016-7333 of Zofie Blysse Jimenez Valencia a.k.a. Zofie Blysse Medel Valencia dated December 12, 2025 was filed by petitioner, thru the Public Attorney's Office (PAO), Atty. Flordeliz Marina U. Bueno-Sugui.

WHEREAS, notice is hereby given that the petition will be heard on **May 26, 2026 at 9:00 o'clock in the morning.**

Let a copy of this Order be published at the expense of the petitioner, once a week for three (3) consecutive weeks, in a newspaper of general circulation in the city where the petitioner resides.

Likewise, let copies of this Order and the Petition, together with the Annexes thereto, be furnished the Office of the Solicitor General and the Office of the City Prosecutor who may appear on behalf of the State, the Office of the 'Local Civil Registrar of Quezon City, the Civil Registrar General of the Philippine Statistics Authority (PSA), Jomarc Afable Valencia, Zoe Ilyitch Medel Valencia, Zoyechka Felisha Medel Valencia, Zephyr Liam Medel Valencia and all other persons who may have any interest in the instant petition.

The petitioner is ordered to furnish all concerned parties or respondents with a copy of the petition, together with the Annexes.

**SO ORDERED.**

Given this 22nd day of January 2026, at Quezon City, Metro Manila.

**(SIGNED)**
**PRIMO G. SIO, JR.**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 09, 16 & 23, 2026**

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**PASIG CITY**

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
0995-101-8830 (globe)

**PHILIPPINE SAVINGS BANK,**
Mortgagee,

**File No. 26-036-REM**
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118

-versus-

**SPS. ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON,**
Borrowers/Mortgagors.
x-------------------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee PHILIPPINE SAVINGS BANK with principal office and place of business at PSBank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City against the borrowers/mortgagors SPS. ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON, with given address/es at (1) Lot 8, Block 9, Emerald St., Ciudad Grande, Phase 1, Brgy. Muzon, Taytay, Rizal; (2) Unit 220 (with Laundry Cubicle) Sorrento Oasis Bldg. M1, C. Raymundo Avenue, Rosario, Pasig City, NCR and Parking Slot SPM1-14; and (3) Tricity Medical Center Inc., 269 C. Raymundo Ave., Maybunga, Pasig City and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of February 18, 2026 amounts to PESOS: ONE MILLION EIGHT HUNDRED EIGHTY-FIVE THOUSAND FORTY-SEVEN PESOS and 56/100 (PhP1,885,047.56) inclusive of interests, penalties and other charges but exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale the Clerk of Court & Ex Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff will sell at public auction on **16 JUNE 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, Infront of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH in Philippine Currency the real property mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 011-2020028943**
(Republic Act No. 4726)

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

RESIDENTIAL UNITS

LOCATION: BUILDING M1
FLOOR NO.: SECOND FLOOR
UNIT NO.: 220
FLOOR AREA (SQ. M.): 29.87

WHICH FORMS PART OF "SORRENTO OASIS" CONDOMINIUM PROJECT.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2010000436; 2010000437 which embraces and describes the land located at BARRIO OF ROSARIO, PASIG CITY, METRO MANILA with an area of SIXTY-TWO THOUSAND EIGHT HUNDRED NINETY (62,890) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: SPOUSES ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINOS

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **14 JULY 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, March 2, 2026.

**(SIGNED)**
**RODERICK P. BERNARDO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned …

**PHILIPPINE SAVINGS BANK**
PSBank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City

**SPS. ROY NOLAN PANONG NATONTON AND JOANA VICTORIA MAMANGLU NATONTON**
(1) Lot 8, Block 9, Emerald St., Ciudad Grande, Phase 1, Brgy. Muzon, Taytay, Rizal
(2) Unit 220 (with Laundry Cubicle) Sorrento Oasis – Bldg. M1, C. Raymundo Avenue, Rosario, Pasig City, NCR and Parking Slot SPM1-14
(3) Tricity Medical Center Inc. 269 C. Raymundo Ave., Maybunga, Pasig City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 16, 23 & 30, 2026**

---

# Tulong pinansyal at suporta sa pamilya ng nasawing Filipina caregiver sa Israel, ginarantiya ni President Isaac Herzog

Tiniyak ng pamahalaan ng Israel ang buong suporta at tulong pinansyal para sa pamilya ng Filipina caregiver na nasawi sa kasagsagan ng isang missile attack sa lungsod ng Tel Aviv.Pamilya

Ito ay matapos ang personal na pagbisita at pakikipagpulong ni Israeli President Isaac Herzog kay Bernie Lavarias, ang naulilang mister ng biktimang si Mary Ann De Vera.

Kasama sa nasabing pag-uusap si Philippine Ambassador to Israel Aileen Mendiola.

Ayon sa pamahalaan ng Israel, ginarantiyahan ni Herzog na makakatanggap si Lavarias ng agarang ayuda.

Bukod pa rito, bibigyan din ang pamilya ng buwanang stipend o sustento mula sa national insurance system ng kanilang bansa bilang bahagi ng programa sa mga biktima ng digmaan.

Sa naging pagbisita, ipinahayag ng pangulo ng Israel ang matinding pasasalamat ng kanilang estado sa dedikasyon ng mga manggagawang Pilipino.

Ibinahagi rin ni Herzog ang kanyang personal na koneksyon sa mga Pilipino, matapos magsilbi ang isang Filipina caregiver sa kanyang sariling pamilya noon.

Aniya, itinuturing na ng maraming Israeli ang mga Pilipino bilang tunay na bahagi ng kanilang tahanan.




Samantala, nakatakdang umuwi sa Maynila si Lavarias upang ihatid ang mga labi ng kanyang misis.

Kasabay nito, tiniyak ng Department of Migrant Workers (DMW) at ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) ang kanilang kahandaang umalalay sa proseso ng repatriation at magbigay ng karagdagang tulong para sa mga naiwang kaanak ni De Vera sa Pilipinas.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-4932**

-versus-

**MARIVIC LABRIAGA LOLA, AS REPRESENTED BY HER ATTORNEY-IN-FACT, KRISTINE CARMI LABRIAGA BERNARDINO,**
Debtor/Mortgagor.
x----------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118, filed on January 6, 2026, against the mortgagor, **Kristine Carmi Labriaga Bernardino,** as attorney-in-fact of **Marivic Labriaga Lola,** with residence and postal addresses at (1) No. 2469 Balaguer St., Daraga, Albay, 4501; and (2) Unit 2833, 28th Floor, Amaia Skies Sta. Mesa, Tower I, V. Mapa corner Valenzuela St., Sta. Mesa, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which as of November 27, 2025, amounts to **PESOS: ONE MILLION NINE HUNDRED EIGHTY THOUSAND NINE HUNDRED FORTY-THREE AND 12/100 (Php1,980,943.12)**[1] pursuant to the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate),[2] the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of Regional Trial Court Manila through her deputy, **Sheriff PAULO A. MEDINA, JR.,** will sell at public auction on **April 14, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court of Manila, Room 400, 4th Floor, Manila City Hall, to the highest bidder for cash or manager's check and in Philippine currency, the following property/ies with all the improvements existing thereon, more particularly described as follows:

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**DEPARTMENT OF JUSTICE**
**Land Registration Authority**
**QUEZON CITY**
**Registry of Deeds for City of Manila**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2023013770**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT NO. 2833 – A STUDIO UNIT, LOCATED AT THE 28TH FLOOR LEVEL OF AMAIA SKIES – STA. MESA (TOWER 1), WITH AN AREA OF 18.60 SQUARE METERS, MORE OR LESS.

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012004145 which embraces and describes the land located at V. MAPA COR. VALENZUELA STREET, STA. MESA, MANILA with an area of (1,717.90, 1,054.50, 824.40, 1,375.40) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: MARIVIC LABRIAGA LOLA, OF LEGAL AGE, WIDOW, BRITISH
Address: 31 LARBRECK AVENUE BLACKPOOL LANCASHIRE, ENGLAND UNITED KINGDOM, UNITED KINGDOM FY38EF

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **April 28, 2026,** without further notice.

City of Manila, February 20, 2026

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] and Ex-Officio Sheriff

By:

**(SIGNED)**
**CARMELA JOY R. DE GUZMAN**
Acting Assistant Clerk of Court

**(SIGNED)**
**PAULO A. MEDINA, JR.**
Sheriff-In-Charge

Copy furnished:

**BDO Unibank, Inc.**
(Mortgagee)
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, #12 ADB Ave., Mandaluyong City

**Marivic Labriaga Lola**
**Kristine Carmi Labriaga Bernardino**
(Mortgagor)
1. No. 2469 Balaguer St., Daraga, Albay, 4501 and
2. Unit 2833, 28th Floor, Amaia Skies Sta. Mesa, Tower I, V. Mapa cor. Valenzuela St., Sta. Mesa, Manila

**Note:** Failure to attend at the said auction sale despite proper notice shall be construed as waiver. Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the scheduled auction sale.

**Warning:** It is absolutely prohibited to remove, destroy, or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 16, 23 & 30, 2026**

# Supply ng langis at abono sa harvest cycle ng Tubo, tinitiyak ng DA at SRA batay sa tensyon sa Middle East

Upang hindi maparalisa ang produksyon ng asukal sa bansa, kumikilos na ang Department of Agriculture (DA) at Sugar Regulatory Administration (SRA) upang protektahan ang mga magsasaka laban sa nakaambang kakulangan at pagtaas ng presyo ng langis at abono bunsod ng patuloy na giyera sa Gitnang Silangan.

Pormal nang nakipag-ugnayan ang DA at SRA sa iba't ibang sangay ng pamahalaan, partikular sa Department of Energy (DOE), upang siguruhin ang matatag na suplay ng petrolyo at fertilizer.

Ayon sa DA, kritikal ang panahong ito dahil nasa kasagsagan ang harvest cycle kung saan pinakamataas ang demand sa langis.

Ginagamit ito sa sabay-sabay na pag-ani, pagbiyahe ng mga tubo patungo sa mga sugar mills, at sa paghahanda ng mga lupang sakahan para sa susunod na crop cycle.

Kinumpirma ni SRA Administrator Pablo Luis Azcona na inilapit na nila kay Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr. ang sitwasyon upang pormal na maipaabot sa DOE ang pangamba ng buong sugar industry.Paghahalaman May malaking epekto sa pandaigdigang merkado ang kaguluhan sa Gitnang Silangan, na siyang pangunahing nagdidikta ng presyo at suplay ng langis na direktang



naka-angkla sa mga pangunahing farm inputs.

Tiniyak naman ni Laurel na nakahanda ang gobyerno na umalalay at hindi hahayaang maantala ang operasyon ng sektor.

Dagdag pa ng kalihim, hindi lamang ang mga prodyuser ng asukal ang kanilang poprotektahan, kundi maging ang pangkalahatang suplay ng langis at abono para sa lahat ng mga magsasaka at mangingisda sa buong bansa.



By
**Bro. Ernie Acayan**

Mateo 3:2
"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"

## TUNAY NA PAGSISISI

Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?

Gawa 26:20
"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."

Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.

1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.

1 Tesalonica 5:17
"...palagi kayong manalangin..."

Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.

Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.

Juan 15:5
"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."

2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.

2 Cor.5:17
"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "

3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.

Roma.12:2
"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."

Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.

Efeso 4:23-24
"
Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.

Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.

1 Juan 3:9
" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."

TO GOD BE THE GLORY.

# Pagtatapos ng Samar road projects at pag-aaral sa mga tulay na magdudugtong sa Luzon, Visayas, at Mindanao, kinasa ng DPWH

Tiniyak ng Department of Public Works and Highways (DPWH) na tatapusin sa loob ng taong ito ang mga pangunahing connectivity road projects sa Samar Island upang mapabilis ang daloy ng kalakal at ibaba ang gastos sa transportasyon sa rehiyon.

Ang naturang pangako ay pormal na ipinaabot ni DPWH Secretary Vince Dizon sa isang pulong kasama si House Minority Leader Marcelino Nonoy Libanan at DPWH Regional Director Edgar Tabacon sa DPWH Regional Office 8.

Ayon sa ulat, pangunahing tinututukan ngayon ang Maydolong, Eastern Samar – Basey, Samar Road Project, kung saan nasa walong kilometro na lamang ang kailangang tapusin.


Kasama rin sa minamadaling mabuksan ay ang Jipapad, Eastern Samar – Las Navas, Northern Samar Road Project na direktang mag-uugnay sa dalawang probinsiya.

Maliban sa mga kalsada sa loob ng isla, isiniwalat din ni Dizon ang mga hakbang para sa pagtatayo ng malalaking tulay na magkokonekta sa mga pangunahing isla ng bansa.

Kasalukuyan nang gumugulong ang aabot sa ₱130-milyong feasibility study para sa Sorsogon-Northern Samar Link Bridge na magdudugtong sa Luzon at Visayas.

Samantala, nakatakda ring maglaan ng pondo pagsapit ng taong 2027 para naman sa feasibility study ng tulay na mag-uugnay sa Southern Leyte at Surigao sa Mindanao.

Ayon kay Rep. Libanan, ang mga nasabing proyektong pang-imprastraktura ay itinuturing na game-changer para sa Eastern Visayas dahil inaasahang magpapaangat ito sa antas ng pamumuhay ng mga Samareño, gayundin sa sektor ng ekonomiya at turismo ng bansa.



---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**BRANCH 297, PASAY CITY**
**3rd Floor, No. 105 JGG Building**
**Pasadeña St., Pasay City Tel. No. 8252-7651**
**Email Address: rtc1psy297@judiciary.gov.ph**

**IN RE: PETITION FOR THE ISSUANCE OF A NEW OR ANOTHER OWNER'S DUPLICATE COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 82000 OF THE REGISTRY OF DEEDS FOR PASAY CITY, IN LIEU OF THE LOST ONE,**

**LRC Case No. R-PSY-26-00591-LR**

**RICARDO P. CACABELOS, SR., RICARDO P. CACABELOS, JR. and RHODERICK P. CACABELOS,**
Petitioners,

-versus-

**THE REGISTRY OF DEEDS OF PASAY CITY,**
Respondent.
x-----------------------------------x

## ORDER

Before this Court is a verified Petition for Issuance of a New or Another Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 82000 of the Registry of Deeds for Pasay City in lieu of the lost one, filed by Ricardo P. Cacabelos, Sr., Ricardo P. Cacabelos, Jr. And Rhoderick P. Cacabelos, through counsel, praying that after due notice and hearing, judgment be rendered, to wit: 1) Declaring as null and void the lost Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 82000; 2) Ordering the Register of Deeds of Pasay City to issue a new or another Owner's Duplicate Copy of the said title in lieu of the lost one.

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, the Court hereby set the same for hearing on **14 May 2026 at 8:30 in the morning** at the 3rd Floor, No. 105 JGG Building, Pasadeña St., Pasay City, and any interested person may appear on the said date and show cause why the petition should not be granted.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, to be selected by raffle pursuant to Presidential Decree No. 1079, and posted by the Branch Sheriff in three (3) conspicuous places in Pasay City.

The Sheriff / Process Server of this Court is directed to furnish the Registry of Deeds for Pasay City and Land Registration Authority with a copy of this Order and the Petition with annexes.

SO, ORDERED.
23 February 2026, Pasay City.

**(SIGNED)**
**RONALD AUGUST L. TAN**
Presiding Judge

Copy furnished:

**Atty. Delbert F. Evora**
Counsel for the Petitioner
Room 206 C.K. Sy Diamond Bldg., No. 156 Libertad St., Pasay City
agafevora_5305@yahoo.com.ph

**Ricardo P. Cacabelos Sr.**
No. 168 Funston St., Canarvacanan, Alcala, Pangasinan

**Ricardo P. Cacabelos Jr.**
10-32 A Anthorium St., Pasay City

**Rhoderick P. Cacabelos**
No. 170 San Roque St., Purok 7, Dunao, Ligao City, Albay
Petitioners

**Register of Deeds for Pasay City**
Respondent
Pasay City Hall Building, F.B. Harrison St., 1300 Pasay City
rd.pasaycity@lra.gov.ph, rdpasay003@gmail.com

**Land Registration Authority**
East Avenue cor. NIA Road, Diliman, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 23, 30 & April 06, 2026**

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND EX-OFFICIO SHERIFF
PASAY CITY

**GOVERNMENT SERVICE INSURANCE SYSTEM,**
Mortgagee,

**FILE NO. REM 26-038**

FOR: EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT NO. 3135, AS AMENDED BY ACT NO. 4118

-versus-

**ERLINDA S. MANALO AND NAOMIE MANALO-IMPERIAL,**
Mortgagors.
x----------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA JUDICIAL SALE

Upon verified petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the Mortgagee **GOVERNMENT SERVICE INSURANCE SYSTEM (GSIS),** with office/business address at the **GSIS Headquarters, Financial Center, Roxas Boulevard, Pasay City through GSIS Legal Service Group, Counsel for the Mortgagee,** with office/business address at **GSIS Building, Financial Center Area, Roxas Boulevard, 1308 Pasay City,** against **ERLINA S. MANALO and NAOMIE MANALO-IMPERIAL,** with residence/postal/office address at **188 Dian Street, Pasay City, Metro Manila,** to satisfy the mortgage indebtedness which as of **30 September 2024** amounts to **Php127,335,099.49,** including/excluding interest, penalties, charges, attorney's fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Deputy Sheriff will sell at public auction on **April 29, 2026** between 9:00 am and 4:00 pm at the ground floor (main entrance) of the Hall of Justice, Pasay City to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described real property/ies, together with all the improvements existing thereon to wit:

**Transfer Certificate of Title**
**No. - 127952 -**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in the Pasay City Metro Manila, Philippines bounded and described as follows:

A PARCEL OF LAND (Lot 1-B of the subdivision plan (LRC) Psd-156635, being a portion of Lot 1, Block 2, Psd-18896, LRC Cad. Rec. No. 1351), situated in Barrio Sta. Clara, Pasay City, Island of Luzon. Bounded on the NE., and SE., points 3 to 4 and 4 to 1 by Lot 1-A of the subdivision plan; on the SW., pts. 1 to 2 by a Road; and on the NW., points 2 to 3 by Lot 2, Block 2, Psd-18896. Beginning at a point marked "1" on plan, being S, 86 deg. 25'W., 144.40 m, from MBM 2, Pasay Cad.; thence N. deg. 02'W., 8.50 m. to point 2; thence N, 75 deg. 58'E., 10.00 m. to point 3; thence S. 14 deg. 02'E., 8.50 m. to pt. 4; thence S. 75 deg. 58'W., 10.00 m. to the point of beginning, containing (Over) is registered in accordance with the provisions of the Property Registration Decree in the name of ERLINDA S. MANALO, single, of legal age, Filipino,

Entry No. (Cont.)
an area of EIGHTY FIVE (85) SQUAURE METERS, more or less. All points referred to are indicated on the plan and are marked on the ground, point 2 by Old PS and the rest by PS all cyl. conc. mons., 15x60 cm., bearings true; declination 0 deg. 50'E., date of Original Survey, Oct. 1, 1928 – Nov. 22, 1930 and that of the subdivision survey, executed by Geodetic Engineer, Geronimo I. Imperial, February 27, 1972.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 13, 2026** without further notice.

Pasay City, this 13th day of March 2026.

For the Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**JOHN JOSEPH F. MUEGO**
Deputy Sheriff, RTC – OCC, Pasay City

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date of sale under penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 16, 23 & 30, 2026**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**OFFICE OF THE EX-OFFICIO SHERIFF**
QUEZON CITY, METRO MANILA
**Email Address: rtcqznocc@judiciary.gov.ph**
**Tel Nos. 09155083986 & 89243843**

**BDO UNIBANK, INC.,**
**Mortgagee,**

**-versus-**

**FRE NO. 16271**

**SPS. MA. ANGELICA CIOCON CASA AND ALVIN FLORIANO CASA, as rep. by their Attorney-in-Fact, JENZAY MARIELLE CIOCON MANNING**
**Debtor/s-Mortgagor/s,**
x---------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118, and pursuant to the terms and conditions of the **Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate)** dated **September 16, 2021(Loan) / August 21, 2024(Mortgage),** executed by **Jenzay Marielle Ciocon Manning,** as Attorney-in-Fact of **Sps. Ma. Angelica Ciocon Casa and Alvin Floriano Casa Debtor/s-Mortgagor/s,** both of legal age, Filipino and American Citizens, respectively, and with postal address/es at 1. No. 21 Monaco St. Ciudad Grande Village, Brgy. Sta. Lucia, Pasig City 1608; and 2. Unit 1218 Commonwealth By Century, Roxas West, Don Antonio Drive, Brgy. Matandang Balara, Bagong Silangan, Quezon City in favor of **BDO Unibank, Inc.,** Mortgagee to satisfy the mortgage debt in the amount of **TWO MILLION SEVEN HUNDRED TWENTY THOUSAND TWO HUNDRED TWENTY FIVE PESOS & 99/100 (PHP2,720,225.99)** as of **January 6, 2026,** inclusive of interest, penalties, and other charges, together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale, the **Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court and/or his duly authorized Deputy Sheriff** hereby announces that on **April 30, 2026,** between the hours of **9:00 AM to 4:00 PM,** at the **Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City,** will **SELL** at **public auction** to the highest bidder and for **CASH,** in **Philippine Currency,** the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title No. 004-2024015472**
**Registry of Deeds for Quezon City**

**COMMONWEALTH BY CENTURY**
**ROXAS WEST**
**FLOOR LEVEL: 12TH FLOOR**
**UNIT NO: 1218**
**UNIT AREA: 20.70 SQ. M.**

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2017010836** which embraces and describes the land located at **BARANGAY (UNIVERSITY) MATANDANG BALARA, QUEZON CITY, METRO MANILA** with an area of **TWO THOUSAND ONE HUNDRED TWENTY-EIGHT (2,128) Square Meter.**

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid Office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title/s to the said property/ies and the encumbrances thereon, if there be any.

In the event that public auction should not take place on the scheduled date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday, or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **May 7, 2026** at the same time and place without further notice.

**Quezon City, Metro Manila, February 25, 2026.**

**(SIGNED)**
**MANUEL S. PANLASIGUI**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and
Ex-Officio Sheriff

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale before the date of auction sale under penalty of law

Copy Furnished:

**BDO Unibank, Inc. Remedial Management Unit**
33F, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**Sps. Ma. Angelica Ciocon Casa and Alvin Floriano Casa/Jenzay Marielle Ciocon Manning, Attorney-in-Fact**
1. No. 21 Monaco St. Ciudad Grande Village, Brgy. Sta. Lucia, Pasig City 1608
2. Unit 1218 Commonwealth By Century, Roxas West Don Antonio Drive, Brgy. Matandang Balara, Bagong Silangan, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: March 09, 16 & 23, 2026**

# NAMFREL, naobserbahan ang mababang bilang ng botante sa naging special elections sa Antipolo

Napansin ng National Citizens' Movement for Free Elections (Namfrel) ang naging mababang bilang ng mga indibidwal na bumoto sa isinagawang special elections sa Antipolo nitong Sabado, Marso 14.

Ayon kay Namfrel Chairperson Lito Averia, ilang mga polling precints sa Barangay Calawis ang nakapagtala lamang ng single digit na bilang ng mga botante pagpatak ng 12:00nn ng tanghali dahilan kung bakit nagging mababa ang voter's turnout nito.

Sa kabila nito, nanindigan si Commission on Elections (Comelec) Chairman George Erwin Garcia na hindi sila nagkulang sa pagsasagawa ng mga education campaign hinggil sa kahalagahan ng pagboto ng bawat botante.

Aniya, bagamat prediction ng komisyon na papalo sa halos 60-65% na voter turnout ay hindi rin anaiya naabot ang kahit 35% nito.

Samantala, inihayag naman ng komisyon na ang datos na ito ay hindi nangangahulugan bilang indikasyon ng failure of election.

Aniya, maaaring interes ng mga botante ang dahilan o may iba pa aniyang personal na mga kadahilanan.

Samantala, batay sa datos mayroong halos 252,000 na mga rehistradong botante ang pangalawang distrito ng Antipolo.

# Paglilipat ng BARMM elections sa Setyembre, maaaring maipasa ngayong linggo – Comelec

Inihayag ng Commission on Elections (Comelec) na posibleng maipasa ngayong lingo ang panukala na naglalayong mailipat at maganap sa Setyembre 14 ng kasalukuyang taon ang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) Parliamentary elections.

Ayon kay Comelec Chairman George Erwin Garcia, naniniwala ang komisyon na bago pa man mag-adjourn ang kongreso ay maipapasa na ang panukala upang tuluyan nang maisakatuparan ang eleksyon sa rehiyon.

Aniya, ito ay pinagtibay na rin ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. bilang isang urgent matter kaya marapat lamang aniya na mabigyan agad ito ng kasagutan.

Matatandaan kasi na parehong mataas at mababang kapulungan ang nagapruba sa panukalang ipagpaliban ang parliamentary elections sa nagging pangatlo at huling reading nito.

Samantala, inihayag naman ng komisyon na handa ang kanilang tanggapan para maserbisyuhan ang hindi bababa sa 2.3 milyong rehistradongt botante sa BARMM para sa nakatakdang eleksyon sa rehiyon.

# BIR, ipinasara ang online selling operation sa Cebu dahil sa 'di pagdeklara ng P211-M sales

Ipinasara ng Bureau of Internal Revenue (BIR) ang isang malaking online selling operation sa Cebu City matapos umanong hindi ideklara ang mahigit P211 million na benta.

Sa isang pahayag, sinabi ng BIR na ipinatupad ang closure order noong Marso 12 sa ilalim ng Oplan Kandado program.

Isinagawa ang imbestigasyon ng Regional Investigation Division ng Revenue Region No. 13 – Central Visayas kasama ang National Bureau of Investigation – Central Visayas Regional Office (NBI-CEVRO).

Ayon sa BIR, nagsimula ang operasyon matapos makatanggap ang mga awtoridad ng confidential information tungkol sa isang online seller na nagbebenta umano ng luxury goods sa pamamagitan ng Facebook Live at iba pang digital platforms nang walang iniisyung official receipts at walang tamang rehistro sa BIR.

Sa isinagawang surveillance at tax compliance verification, natukoy ng mga operatiba na may kaugnayan ang negosyo sa mga lokasyon sa Jamestown at Mabini Street sa Mandaue City, gayundin sa Barangay Pahina Central sa Cebu City.

Naglabas din ang BIR ng mission orders upang bantayan ang sales activities, beripikahin ang tax compliance, at magsagawa ng inventory ng mga produktong sakop ng buwis.

Batay sa mga business records na nakumpiska sa operasyon, lumalabas na umabot sa mahigit P211 million ang gross sales ng establisimyento ayon sa sarili nitong transaction records.

Mula rito, tinatayang may minimum tax liability ang negosyo na P40.4 millon, kabilang ang surcharges at penalties.

Patuloy pa ring hinahanap ng BIR ang indibidwal na nasa likod ng operasyon matapos hindi ito tumugon sa mga ipinadalang notice ng ahensya.

# PH, makikipagtulungan sa US para sa imbestigasyon ng unfair trade practices



Sinabi ng pamahalaan ng Pilipinas na makikipagtulungan ito sa opisina ng United States Trade Representative (USTR) sa kasalukuyang ginagawang imbestigasyon sa tinaguriang unfair trade practices, kabilang ang umano'y forced labor, sa 60 economies, kabilang ang Pilipinas.

Ayon kay Trade Secretary Cristina Roque, "We take note of the ongoing Section 301 investigations recently launched by the United States against 60 economies. We will closely monitor and actively participate in the investigation to address the concerns of the United States."

Ayon sa USTR na nagsimula na ang ikalawang serye ng Section 301 probes sa 60 economies kaugnay ng umano'y pagkukulang ng mga bansang ito na pigilan ang paggamit ng forced labor.

"These investigations will determine whether foreign governments have taken sufficient steps to prohibit the importation of goods produced with forced labor and how the failure to eradicate these abhorrent practices impacts US workers and businesses," ayon kay Jamieson Greer, US Trade Representative.

Kasama sa listahan ng 60 bansa at economies ang ilang pangunahing ka-partner at kaalyado ng US gaya ng Australia, Canada, European Union, United Kingdom, Israel, India, Qatar, at Saudi Arabia. Nasa listahan din ang China at Russia.



# DA chief, ipinag-utos ang pagbabawal sa importation ng poultry products sa Indiana

Ipinag-utos ni Department of Agriculture (DA) Secretary Francisco Tiu Laurel Jr. ang pansamantalang pagbabawal sa pag-angkat ng poultry products mula sa Indiana, USA.Paghahayupan

Ito ay dahil sa napaulat na paglaganap ng kaso ng H5N1 Avian Influenza o bird flu.

Kasama sa mga ipagbabawal na angkatin ay ang poultry meat, day-old chicks, itlog, at iba pang poultry-based products.

Layunin ng bagong kautusan na maprotektahan ang poultry industry sa Pilipinas laban sa posibleng pagpasok ng virus mula sa naturang estado.

Sa kabila nito, papayagan pa ring makapasok sa Pilipinas ang mga shipment na naipadala na mula sa US bago ipatupad ang kautusan kung ang mga ito ay naproseso o kinatay bago sumapit ang petsang Enero-30.

Nagpaalala naman ang DA na kukumpiskahin ang anumang shipment na lalabag sa bagong kautusan, kasabay ng pagbabantay sa mga pantalan ng bansa.

# Michael B. Jordan, 'wagi bilang best actor sa Oscars para sa pelikulang 'Sinners'



Nagningning ang pangalan ng aktor na si Michael B. Jordan matapos kilalaning best actor sa Academy Awards dahil sa kanyang pagganap sa pelikulang "Sinners."

Sa pelikula, ginampanan ni Jordan ang kambal na magkapatid na humaharap sa mga vampire sa Mississippi noong dekada 1930.


"I stand here because of the people who came before me," emosyonal na pahayag ng aktor sa stage.

Tinalo ni Jordan ang iba pang batikang nominado tulad nina Timothée Chalamet ("Marty Supreme"), Leonardo DiCaprio ("One Battle After Another"), Wagner Moura ("The Secret Agent"), at Ethan Hawke ("Blue Moon"). Ito ang kauna-unahang pagkakataon na nanalo siya ng Oscar matapos din niyang makuha ang Screen Actors Guild (SAG) Award dalawang linggo bago ang naturang award.Sa edad na 39, kabilang na ngayon si Jordan sa iilang Black actors na nagwagi ng Best Actor sa Oscar, kasunod nina Sidney Poitier, Denzel Washington, Forest Whitaker at Will Smith.Ang pelikulang "Sinners" ay idinirek ni Ryan Coogler, na matagal nang nakatrabaho ni Jordan sa mga pelikulang tulad ng "Fruitvale Station," "Creed," at "Black Panther."

Kilala ang kanilang tambalan sa paglikha ng mga karakter na may malalim at komplikadong kuwento.

Bukod sa pag-arte, pinalalawak na rin ni Jordan ang kanyang karera sa pagprodyus at pagdidirek ng pelikula.

Nakatakda rin niyang idirek at pagbibidahan ang bagong bersyon ng "The Thomas Crown Affair," na inaasahang ipapalabas sa mga sinehan sa 2027.




# Concert ng English singer na si Morrissey sa Spain kinansela

Nagpasya ang English singer na si Morrissey na kanselahin ang kaniyang mga konsiyerto sa Spain.Sinabi nito na kaya hindi natuloy ang kaniyang concert sa Valencia ay dahil kulang siya ng tulog.

Nahirapan umano ito ng makatulog dahil sa sobrang ingay ng ilang mga naka-book sa hotels.Bukod pa dito ay mayroong pagdiriwang sa labas kaya hindi ito nakatulog ng sapat na oras. Mayroong mahigit 1,500 na fans ang nag-abang sa singer concert nito sa Palau de Les Artes Reina Sofia sa Spain. Dagdag pa ng dating The Smiths frontman na aabot sa isang taon bago ito tuluyang maka-rekober.

Humingi na lamang ito ng paumanhin sa mga fans na naghintay para sa kaniyang show.

# Mga Kristiyanong lider na sangkot sa giyera, hinamong magkumpisal at suriin ang konsensya ni Pope Leo

Hinimok ni Pope Leo ang mga Kristiyanong political leaders na may pananagutan sa pagpapasimula ng mga armadong hidwaan na suriin ang kanilang konsensya at sumailalim sa confession o pangungumpisal. Sa kanyang naging talumpati sa isang pagtitipon ng mga pari sa Vatican City , hinamon ng Santo Papa ang mga lider kung tunay bang sinusunod ng mga ito ang turo ni Hesukristo. Ang pahayag na ito ay kasunod ng patuloy na panawagan ng Santo Papa na ihinto ang giyera sa Iran na nag-ugat sa joint airstrikes ng US at Israel noong Pebrero 28.Matatandaang si US President Donald Trump ay lumaki sa pananampalatayang Kristiyano, habang mga Katoliko naman ang kanyang matataas na opisyal na sina Vice President JD Vance at Secretary of State Marco Rubio.Samantala, una nang iginiit ni Washington, D.C. Cardinal Robert McElroy na ang pag-atake ng US at Israel sa Iran ay not morally legitimate dahil hindi ito pumasa sa pamantayan ng Simbahang Katolika patungkol sa just war.



## Trump at Starmer nagkausap para sa muling pagbubukas ng Strait of Hormuz

Nagkausap sina US President Donald Trump at British Prime Minister Keir Starmer.Tinalakay ng dalawa ang kahalagahan ng pagbubuksa ng Strait of Hormuz.

Ayon sa Downing Street, na kasamang tinalakay ang ilang usapin ukol sa giyera sa Gitnang Silangan. Una ng hinikayat ni Trump ang mga bansang China, Japan, France, South Korea at Britain na magpadala ng warships para tulungan ang US sa strait.

# Israeli PM Netanyahu, pinagtawanan ang kumakalat na balitang patay na siya

Pabirong pinasinungalingan ni Israeli Prime Minister Benjamin Netanyahu ang kumakalat na balita na umano'y patay na siya.

Sa isang video na ibinahagi, makikitang tumatanggap siya ng mainit na kape sa isang café malapit sa Jerusalem at pabirong nagsabi ng "patay ako sa kape," isang ekspresyong nangangahulugang labis niyang gusto ang isang bagay.

Itinaas din niya ang kanyang kamay at tinanong kung nais bang bilangin ng mga tao ang kanyang mga daliri, bilang tugon sa mga espekulasyon online na AI-generated umano ang kanyang huling televised address dahil tila anim ang daliri niya sa video.

Kasabay nito, hinikayat ni Netanyahu ang mga Israeli na sundin ang safety instructions sa gitna ng banta ng rocket attacks, habang iginiit na patuloy ang matinding pag-atake ng Israel laban sa Iran at Lebanon.

Samantala, nagbanta ang Islamic Revolutionary Guard Corps ng Iran na tutugisin at papatayin si Netanyahu, ayon sa ulat ng Islamic Republic News Agency.

## Rapper na si Dr. Dre kabilang na sa billionaires list ng Forbes

Nakasama na sa listahan ng mga bilyonaryo sa buong mundo ang rapper na si Dr. Dre.Ayon sa Forbes, ang rapper na si Andre Romell Young sa tunay na buhay ay siyang pang-anim na musicians na idineklarang bilyonaryo.


Mayroong kabuuang yaman nito na tinatayang $3 bilyon kung saan mula ang yaman nito sa kaniyang signature headphones na Beats Electronics at streaming service na Beats Music.Itinayo nito ang Aftermath Entertainment record label sa nagdaang 30 taon matapos na umalis sa rap group na N.W.A.

Kasama rin na itinaguyod nito ang kaniyang Death Row Records na tumulong sa mga career nina Eminem, 50 Cent at Kendrick Lamar.

# Pussycat Dolls naglabas ng bagong kanta matapos ang 6 na taon

Naglabas ng bagong kanta ang girl group na Pussycat Dolls na "Club Song".Ito ang unang kanta ng grupo na inilabas matapos ang anim na taon.Ang grupo na binubuo nina Kimberly Wyatt, Ashley Roberts, at Filipino-American leader Nicole Scherzinger ay huling naglabas ng kanta noong 2020 na "React" kung saan kasama pa dito sina Jessica Sutta at Carmit Bachar.Kasama pa sa grupo si Melody Thornton bago ito umalis sa grupo noong 2010 para ipursige ang solo career nito at kasama rin ito sa reunion show ng grupo noong 2019.

Ayon sa grupo na naghahanda sila para sa kanilang 50 show sa iba't-ibang bahagi ng US.Pinasikat ng grupo ang mga kantang "Don't Cha", "Beep", "Buttons" at maraming iba pa.



# 500 katao inaresto sa Iran matapos umanong magpadala ng impormasyon sa Israel

Iniulat ng police chief ng Iran na si Ahmadreza Radan noong Linggo (araw sa Iran) na 500 katao ang kanilang inaresto dahil sa umano'y pagbibigay ng impormasyon sa Israel habang nagpapatuloy ang labanan sa rehiyon.

Ayon kay Radan, kalahati sa mga kasong ito ay may kinalaman sa seryosong insidente, tulad ng mga taong nagbigay ng lokasyon para sa mga posibleng target, kumuha ng mga footage ng mga lugar ng air strike at ipinadala sa iba.

Hindi naman tinukoy ng Iran's police chief kung kailan eksaktong nangyari ang mga pag-aresto.

Kinumpirma naman ng semi-official na Tasnim News Agency na 20 katao ang mga inaresto dahil sa pagpapadala umano ng impormasyon sa Israel tungkol sa military at security assets ng Iran.

Sa northeastern Iran, 10 katao rin ang inaresto dahil sa pagkuha ng impormasyon sa sensitibong lokasyon at imprastraktura ng military assets ng bansa habang sa Lorestan province, tatlong katao ang nadakip dahil sa pagsusulong umano ng kaguluhan at pagsunog ng mourning symbols.

Ayon sa isang sangay ng Revolutionary Guards' intelligence, sinasabing ginagamit ng Israel at U.S. ang mga "mercenaries at spies" upang magdulot ng kaguluhan habang nagpapatuloy ang labanan sa rehiyon.

Ayon pa sa ulat na nagsimula nang targetin ng Israel ang mga security checkpoints base sa impormasyon mula sa mga informant, bilang bagong yugto ng kanilang operasyon sa Iran.

Noong Enero, ilang linggo bago ang ginawang pag-atake ng Amerika at Israel, nagkaroon ng malawakang anti-government protests sa Iran kung saan libo-libo ang mga nasawi sa kasaysayan ng Islamic Republic.

Pinagbintangan noon ng mga awtoridad ang Israel at Estados Unidos na nagpapasimula umano ng mga riot upang pabagsakin ang clerical establishment ng bansa.






**"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"**

**Taytay RTW Base**

**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay**
**San Jose, Tarlac, Philippines**
**Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: March 23 - 29, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**
**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**
**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: March 23 - 29, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: March 23 - 29, 2026



# CROSSWORDS

## Across

1. Lobby group for seniors
5. "__ knew?"
8. Red light therapy venues
12. Pink's counterpart in "Wicked"
14. Stranger __ fiction
15. Work for
16. Italian liqueur such as Aperol or Campari
17. Blow off steam
18. Cogito, __ sum
19. Emotional plea in "Top Gun" and "Top Gun: Maverick"
22. NYC summer hrs.
23. Most consecutive Super Bowls won by the same team
24. Italian fashion house
26. "I didn't hear a 'Please'!"
31. "I __ a hunch!"
32. Insta upload
33. Guitar Hero World Tour console
34. Helpful feedback
37. Fuel efficiency stat
38. Gives a hoot
40. Corp. leader
41. Wilmington's st.
42. __ rummy
43. "Why this course of action?"
50. Harbor Freight purchases
51. "Hello, fellow sheep"
52. Stretch the truth
53. Requests to Siri and Alexa, or what 19-, 26-, and 43-Across literally are
57. Graduate of the CIA, perhaps
59. Great Plains tribe
60. Corrosive compounds
61. Subtle glow
62. Numbered hwys.
63. "Girls5eva" co-star __ Elise Goldsberry
64. Fishnet fabric
65. Pops
66. Covers with grass

## DOWN

1. Rock shop options
2. Naval fleet
3. "Million Dollar Listing" field
4. Fringe benefit
5. Cry of delight
6. Kick back (with)
7. Good place for a lecturer to stay?
8. Teeter-totter
9. Streamline, perhaps
10. Iguazu Falls land: Abbr.
11. Cold-sounding commercial prefix
13. "Anything else!"
14. Claire Dunphy, e.g.
20. Carried a debt
21. Goblinlike creature
25. Bone-dry
27. Thanksgiving, e.g.: Abbr.
28. Put on, as nail polish
29. Job for a DJ
30. Prefix with loyal and service
34. The "I" of the RICE method
35. Dismissive call
36. Puffy pastries
37. Guys
38. San Diego neighborhood whose name means "sea view"
39. __ and outs
41. Lack of harmony
42. U.S. Pacific island
44. Bath scrubber
45. Oscar winner Mahershala
46. Thin woodwinds
47. Pacific climate phenomenon
48. Heavy-__: sleepy
49. Admits, with "up"
54. Jazz great James
55. Like many dorms
56. Top poker cards
57. Kiss __: PDA capturer at a stadium
58. Shade on a color whee



# WORD HUNT

### CHARLIE'S ANGEL



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | F | T | B | E | T | R | U | B | E | S | E |
| P | H | O | N | E | I | L | L | P | S | O | J |
| I | U | F | R | O | A | L | T | P | A | O | Y |
| N | N | A | C | E | R | U | U | L | B | I | N |
| T | D | E | H | Y | K | N | T | J | R | C | A |
| E | E | C | A | L | N | A | T | Y | I | D | F |
| R | R | I | R | L | E | Y | E | C | N | E | F |
| C | C | L | L | E | D | L | R | P | A | T | I |
| O | O | O | I | K | S | T | C | O | S | E | T |
| M | V | P | E | O | P | V | E | T | B | C | S |
| S | E | E | B | E | K | Y | S | D | H | T | E |
| F | R | H | F | E | M | A | L | E | S | I | X |
| K | R | I | S | T | N | E | G | A | C | V | Y |
| S | L | R | E | L | L | I | J | E | L | E | Y |

CHARLIE
SABRINA
JILL
KELLY
BOSLEY
KRIS
TIFFANY
JULIE
DETECTIVE
UNDERCOVER
INTERCOM
SECRET
AGENT
FEMALES
SPEAKER
PHONE
SEXY
POLICE
BEAUTY

# Jokic at Nuggets, binura ang 20-point deficit para itumba ang 2nd best sa Western Conference

Binura ng Denver Nuggets ang 20-point deficit na dinanas nito sa karibal na San Antonio Spurs, at ibinulsa ang panalo sa score na 136-131.

Panibagong triple-double performace ang ibinulsa ng Denver bigman na si Nikola Jokic: 31 points, 20 rebounds, at 12 assists. Kumamada rin siya ng tatlong steal at dalawang blocks sa 39 mins na kaniyang paglalaro.

Nanguna naman sa team scoring ang point guard na si Jamal Murray na nagpasok ng 39 points mula sa 11 field goals na kaniyang pinakawalan. Nagawa ni Murray na ipasok ang lahat ng kaniyang 15 free throw attempts.

Sinamantala ng 2023 NBA champion ang hindi paglaro ng bigman na si Victor Wembanyama upang iposte ang bigtime comeback sa ikalawang bahagi ng laban, lalo na sa 4th quarter kung saan ipinoste ng Nuggets ang 42-25 run sa kabuuan ng huling quarter.

Hindi naman naging sapat ang triple-double performance ng Spurs guard na si Stephon Castle na kumamada ng 30 points, 11 rebounds, at sampung assists sa loob ng 35 mins na kaniyang paglalaro sa hardcourt.

Sa loob ng 66 games na kanilang inilaro ngayong season, parehong naibulsa ng dalawang koponan ang mihigit 40 wins kung saan hawak ng Nuggets ang 41 panalo habang 48 naman sa Spurs.

Mayroon na lamang hindi lalagpas sa 20 games na natitira sa NBA bago tuluyang matapos ang regular season.







## Sabalenka, Rybakina, maghaharap sa finals ng Indian Wells Open

Maghaharap sa finals ng Indian Wells Open sina World No. 1 Aryna Sabalenka at World No. 3 Elena Rybakina.

Tinalo ni Sabalenka ang 14th seed na si Linda Noskova sa score na 6-3, 6-4 upang umabante sa huling yugto ng torneo. Samantala, nanaig si Rybakina laban kay Elina Svitolina sa semifinals, 7-5, 6-4.Unang nagharap ang dalawang magkaribal nitong nakalipas na buwan sa Australian Open finals, kung saan nanaig si Rybakina laban sa top player ng Women's Tennis Association.

Ang pagkatalo ni Sabalenka sa naturang torneo ang tanging talo pa lamang niya ngayong 2026.May pagkakataon siyang makaganti mula sa naturang pagkatalo at baguhin ang rekord niya sa Indian Wells finals, kung saan nananatili siyang kulelat (0-2).

Sa kanilang head-to-head record, nagawa ni Sabalenka na ibulsa ang 8 panalo sa 15 laban nila. May tsansa naman si Rybakina na itabla ito sa all-8 kung makukuha niya ang Indian Wells title ngayong 2026.

## Karl Eldrew Yulo, nasungkit ang unang senior gold sa Gymnastics World Cup

Nasungkit ni Karl Eldrew Yulo ang kanyang unang gold medal sa seniors level matapos manguna sa floor exercise ng FIG Artistic Gymnastics World Cup Series sa Antalya, Turkey noong Sabado.

Namayagpag ang 18-anyos na gymnast matapos makakuha ng 14.100 puntos sa final round, kung saan nakakuha siya ng 5.3 sa difficulty at 8.8 sa execution.

Pumagalawa si Eamon Montgomery ng Ireland na may 13.833 puntos para sa silver medal, habang nakuha naman ni Rayderley Zapata ng Spain ang bronze matapos makapagtala ng 13.333 puntos.

Si Karl Eldrew ay nakababatang kapatid ng two-time Olympic champion na si Carlos Yulo. Nagtapos siya sa ikaapat na puwesto sa qualification round bago nagpakita ng mas malakas na performance sa final.

Nauna na ring nagpakita ng magandang performance si Yulo sa World Cup leg sa Baku, Azerbaijan, kung saan nakapasok din siya sa finals ng floor exercise at horizontal bar.


PVN SPORTS

NO. VIII ISSUE NO. 34 MARCH 23 - 29, 2026 ₱ 15.00




## Eala bigo kay Noskova sa Indian Wells

Natapos na ang kampanya ni Pinay tennis star Alex Eala sa Indian Wells Open. Mga Gabay sa Lungsod at Lokal

Ito ay matapos na talunin siya ni Linda Noskova sa score na 6-2, 6-0.

Naging agresibo sa kaniyang laro ang Czech tennis player at hindi nakaporma ang 20-anyos na si Eala.

Mayroong kabuuang pitong aces si Noskova habang hindi nakapagtala ng anumang aces ang world number 32 na si Eala.

Bagamat natalo ay pinasalamatan ni Eala ang kaniyang mga fans na nagbigay ng suporta sa kaniyang laro.

## Knicks, bumangon mula sa 18-point deficit; Tinalo ang Jazz sa 134-117

Pinangunahan ni Jordan Clarkson ang New York Knicks matapos makapagtala ng season-high na 27 points, 17 dito ay mula sa huling 16 minutes, kung saan pinadapa ang Utah Jazz, 134-117 sa Salt Lake City.

Matapos makakuha ang Jazz ng 18 point sa unang kalahati ng laro, nagpakitang-gilas ang Knicks sa second half kung saan nagtapos sa isang 53-27 run, na nagputol sa dalawang sunod nilang pagkatalo at nagdala sa kanila sa 2-2 sa limang larong road trip.

Bukod kay Clarkson, nag-ambag din sina Jalen Brunson ng 28 points, OG Anunoby ng 22 points, at Karl-Anthony Towns ng 21 points, habang may 10 points naman si Mohamed Diawara mula sa bench.

Sa kabilang panig, nanguna si Brice Sensabaugh sa Jazz na may 29 points, sinundan nina Ace Bailey (21 points), Kyle Filipowski (15 points), Keyonte George (14 points) at Cody Williams (10 points).Ang Jazz ay nagsimulang maglaro ng malakas na nakapagtala pa ng 14 sa kanilang unang 18 three-point attempts, pero humina sa huling bahagi ng laro kung saan nakapagtala lamang ng 4 points sa huling 18 shots mula sa labas ng arc, dahilan ng kanilang ika-17 pagkatalo sa 22 games.

Habang ang Knicks ay nakabalik at nakuha ang kanilang unang lead mula pa sa unang quarter sa 93-92 matapos ang free throws ni Anunoby, bago tinapos ni Brunson sa isang three-point play.

## Donaire hindi nakaporma sa mas batang Japanese boxer na si Riku Masuda

Nabigo si Pinoy boxing legend Nonito Donaire Jr laban kay Riku Masuda sa kanilang bantamweight title eliminator sa Yokohama, Japan.Sumuko na ang kampo ng 43-anyos kaya itinapon nila ang puting towel pagdating ng ika-walong round.

Sa simula pa lamang ng laban ay pinaulanan ng suntok ng nakakabatang Japanese boxer si Donaire.Bahagyang nakabawi si Donaire sa ikalimang round kung saan tinamaan niya ng kaniyang left hook na sinundan ng right hook ang 28-anyos na Japanese boxer.

Pagpasok ng ika-anim na round ay nakabawi ang Japanese boxer at napatumba pa nito ang Pinoy boxer.Ito na ang pangalawang sunod na talo ni Donaire na mayroong record siya ngayon na 43 panalo at 10 talo na may 28 knockouts habang ang Japanese boxer na si Masuda ay mayroong 10 panalo at isang talo. Noong Disyembre kasi ay natalo si Donaire kay Seiya Tsutsumi ng Japan sa pamamagitan ng split-decision.



## Dwight Howard opisyal ng nagretiro sa paglalaro sa NBA

Opisyal na nagretiro sa paglalaro ng basketball si NBA star Dwight Howard.

Sa kaniyang social media post ay inanunsiyo nito ang paglalaro sa NBA ng halos 20 taon.

Dagdag pa ng Basketball Hall of Famer na mayroon pa sana itong natitirang nais na ibahagi subalit kailangan ng mag-move-on.

Mula pa noong 2022 ay hindi na ito naglaro sa NBA na ang huli ay sa Los Angeles Lakers.

Naglaro na rin ito sa Taoyuan Leopards sa Taiwan noong 2023.

Taong 2025 ay itinanghal siya bilang Pro Basketball Hall of Fame.

Nakatakda itong maglabas ng kaniyang documentary tungkol sa kaniyang buhay.

Nagsimula ang career ni Howard sa Orlando Magic matapos mapili sa 2004 NBA Draft kung saan pinili niyang maging pro matapos ang high school.



Matapos ang walong season ay lumipat ito sa mga koponan gaya sa Lakers, Houston Rockets, Atlanta Hawks, Charlotte Hornets, Washington Wizards at Philadelphia 76ers.

Walong beses itong nakasama sa All-Star at nagwagi ng NBA Championships sa Lakers noong 2020.